

Tugmaang Pambata: Diskriminasyong Pangkasarian

Asia Pacific Journal of
Education, Arts and Sciences
Vol. 5 No.1, 1-9
January 2018
P-ISSN 2362-8022
E-ISSN 2362-8030
www.apjeas.apjmr.com

Jed Michael E. Fuentes¹, Elsie T. Alvarado (DA)²

¹Philippine Science High School – Central Visayas Campus,² Cebu Normal University, Philippines

¹jedfuentes@yahoo.com, ²elz_alvarado@yahoo.com

Date Received: August 3, 2017; Date Revised: October 23, 2017

Abstract. *This study aims to analyze ten nursery rhymes in the Philippines so that the gender discrimination will be elaborated. It specified on the following sub-problems: 1) theme, 2) image, 3) cultural context. Content analysis is used in analyzing the content of the ten nursery rhymes and anchored to mimetic theory and feminism theory. The findings of the study show that the ten nursery rhymes depict gender discrimination in terms of theme, image, and cultural context in the following reasons: the theme that describe women are objective fantasy, easily abused due to illiteracy, fun of world material needs, victim of domestic violence and martyr. Whereas, men are patriarchal, strong, God-fearing, disciplinarian to their siblings, protector of women, and strong heart and critical thinker; the image of women are low class citizen as sexual attraction to men and projects sexual objectification, illiterate, housewife only, low status inside the house, martyr, and dependent to the husband protection. While men are strong, brave, patriarchal, achieve of white collar-jobs; and men prevail in cultural context as strong status in the society, physical ability, and high intellect while women remain low class status in the society. Based on the result of the study, it was proven that gender discrimination depicts in the theme, image and cultural context of the ten nursery rhymes*

Keywords – gender discrimination, image, theme, nursery rhymes, feminism

Abstrak sa Filipino:

Ang pag-aaral ay naglalayong masuri ang mga piling tugmaang pambata sa Pilipinas upang mapalutang ang diskriminasyong pangkasarian. Tiniyak na masuri ang sumusunod: 1) tema, 2) larawang-diwa, at 3) mga kontekstong kultural. Ginamit ang content analysis na pamamaraan sa pagsusuri sa nilalaman ng mga sampung piling tugmaang pambata na nakaangkla sa pampanitikang teoriyang mimetiko at feminismo. Natuklasang ang

sampung piling tugmaang pambata ay nagtataglay ng diskriminasyong pangkasarian sa tema, larawang-diwa at kontekstong kultural ayon sa sumusunod na dahilan: nakapaloob sa tema na ang mga babae ay obhekto ng pantasiya, madaling maabuso dahil sa kamangmangan, mahilig sa makamundong bagay, biktima ng domestic violence at mapagtiis sa loob ng tahanan. Samantala, ang mga lalaki ay sinasandigan sa loob ng tahanan, matapang at maka-Diyos, tagapagdisiplina ng anak, tagapagtanggol ng kababaihan, at may matatag na puso at matalinong pag-iisip; nagtataglay ang mga larawang-diwa ng mababang pagtingin sa kababaihan bilang obhekto ng seksuwal na pagnanasa ng kalalakihan at pagkakaroon ng sexual objectification, mangmang, pantahanan lamang, mababa ang katayuan sa loob ng tahanan, matiisin at nakasandig lamang sa proteksiyon ng lalaki. Habang itinuturing naman ang kalalakihan bilang malakas, matapang, pinakamataas na patnugot sa loob ng tahanan, at tagapag-angkin ng mga white collar jobs; at lumitaw sa mga kontekstong kultural na pawang nangingibabaw sa lahat ng mga antas kultural ang kalalakihan tulad ng pagkakaroon sa katayuang panlipunan, sa kakayahang pisikal at intelektuwal; samantalang lugmok naman ang kababaihan sa mababang pagtingin at katayuang panlipunan. Batay sa pagsusuring ginawa, napatunayang ang mga tema, larawang-diwa at kontekstong kultural ng mga tugmaang pambata sa Pilipinas ay napapalooban ng diskriminasyong pangkasarian.

Keywords – diskriminasyong pangkasarian, larawang-diwa, tema, tugmaang Pambata, feminismo

INTRODUCTION

Ang mga tugmaang pambata ay maituturing na isang pundasyon sa paglinang ng kasanayang pangwika ng isang bata. Nakatutulong ito sa pagkatuto ng bata sa hulwarang intonasyon ng isang wika, mga bagong salita at konsepto, nakauunawa sa batayan sa pagkatuto sa mga makrong kasanayan sa pagsulat at

pagbasa, at sa pagtamo ng pagpapahalaga sa tula. Maliban sa naiaambag ng tugmaang pambata sa kalinangan ng literasiyang pangwika ng bata, nagsisiwalat din ito ng katotohanan hinggil sa buhay at nagsisilbing talaan ng mga nagdaang panahon. Ang ganitong katangian ng mga tugmaang pambata ay nakatutulong sa pagbibigay ng kamalayang pangkasaysayan.

Subalit, natuklasang kalimitan sa mga kilalang tugmaang pambata ay kababanaagan ng mga kahulugang hindi angkop sa hilaw na kamuwangan ng isang bata. Karamihan sa mga paksang kabuhol nito ay hinggil sa karahasan, seksismo at iba pang usaping nakapagpapalason sa isipan ng isang bata. Ilan sa mga kilalang tugmaang pambata sa Inglatera ay nagkukubli ng kalagim-lagim na tema. Ang mga kilalang tugmaang pambata, na hanggang ngayon ay kinawiwilihan pa rin sa loob ng silid-aralan, ay may madilim na kahulugang nag-uugat sa karimarimarim na yugto ng kasaysayan. Ilan sa mga paksang natuklasan ay pagpatay, pagbitay, pakikipagtunggali, kasakiman, pandaraya, pagpapahirap, eksikusiyon, pagnanakaw, iskandalo, kataksilan, panunuhol, at kamatayan [2].

Maging ang mga programang pambata sa telebisyon ay nagtataglay ng mga kaisipang hindi angkop sa mga bata tulad ng usapin sa diskriminasyong pangkasarian. Natuklasang ilan sa mga piling programang pambata ng ABS-CBN at GMA 7 ay nagtataglay ng hindi pantay na representasyon ng bawat kasarian. Itinatanghal ang mga lalaki bilang makapangyayari at impluwensiyal habang ang mga babae ay mapagkalinga at tagapamagitan ng bawat argumento [12]. Malinaw na masisinag ang mga isteryutipong pagturing at pananaw sa bawat kasarian. Ang isteryutipong pagtingin at pagturing sa bawat kasarian ay isa sa mga ugat ng kawalan ng pagkakapantay-pantay.

Sa sanaysay ni Karen Coast binanggit niyang mababa ang pagturing sa mga panitikang pambata. Dinudulog lamang ito sa kategoriyang pedagohikal at popular at hindi bilang isang akdang pampanitikan kaya hindi ito nalalapatan ng mga kritikal na pagsusuri at pagpapahalaga [5].

Ang patuloy na paggamit sa mga tugmaang pambata nang walang pagkilatis sa kahulugang ikinukubli ay labis na nakababahala dahil naitatanghal sa imahinasyon ng bata ang mga imahe at mensaheng hindi angkop sa kanilang hilaw na kamuwangan. Sa halip na nakapagbibigay ng magandang ihemplo sa makulay na mundo ng isang bata at kasangkapan sa pagtuturo ng magagandang asal, palihim itong nagpapakilala ng karahasan at mga maling konsepto at

kaisipang maaaring gawing batayan ng bata sa pagkilala sa mundo at sa pagtugon sa buhay. Kaugnay nito ang pagkamulat ng mga bata sa usapin ng *gender inequality* na magbubunga ng pagkokondisyon sa kanilang kamalayan sa *gender stereotyping* at *discrimination*.

Bunga nito, nilayon ng mananaliksik na pag-aralan ang sampung piling tugmaang pambata mula sa iba't ibang wika sa bansa na nagbubunyag ng mga diskriminasyong pangkasarian. Ang mga awiting sinuri ay kinalap mula sa mga tugmaang pambatang makikita sa internet at ilang piling aklat.

Layunin ng pag-aaral na masuri ang mga tugmaang pambata mula sa iba't ibang wika sa bansa upang mapalutang ang mga diskriminasyong pangkasarian. Sa ganitong paraan ay maiwasan ang pagtuturo sa mga tugmaang pambatang Pilipinong nagtataglay ng mga kaisipan at usaping hindi angkop sa mga bata. Malaki rin ang maiaambag ng pag-aaral na ito sa mga susunod na pampanitikang mananaliksik sa higit na pag-ibayo ng pag-aaral sa mga awiting pambata mula sa ibang rehiyong hindi saklaw ng pananaliksik na ito.

LAYUNIN NG PAG AARAL

Nilayon ng pag-aaral na masuri ang mga diskriminasyong pangkasarian na nakapaloob sa mga piling tugmaang pambata. Tinitiyak na masuri ang tema, larawang-diwa at kontekstong kultural na nakapaloob sa awitin.

INSTRUMENTO AT KAGAMITAN NG PANANALIKSIK

Pagsusuring pangnilalaman ang pamamaraang ginamit sa pag-aaral ayon sa disenyong deskriptibo upang matukoy ang usapin sa diskriminasyong pangkasarian. Sinadya ang pagsusuri sa mga tugmaang pambata sa Pilipinas upang mapatunayang may mga tugmaang pambatang pumapaksa sa nabanggit na usapin. Ginamit na batayan sa pagsusuri ang teoriyang liberal na feminismo at teoriyang mimetiko upang matiyak ang nakapaloob na diskriminasyong pangkasarian.

Pinagmulan ng mga Datos

Pumili ang mananaliksik ng sampung tugmaang pambata mula sa iba't ibang wika sa bansa ayon sa sumusunod na batayan: 1) naglalaman ang awitin ng mga usapin sa diskriminasyong pangkasarian; 2) hango ito sa mga nakalimbag na aklat at tesis; at 3) nakatuon ang awitin sa mga bata bilang *target audience*. Ito ay *Ako ay Nagtanim* (Tagalog), *Ana Tan Y Bugan* (Gaddang), *Ano Daw Idtong sa Gogon* (Bicolano), *Bangun, Bangun Ka, I-na* (Ibaloi), *Dayo*,

Dayo Kapitan (Maranao), *Dokdokadok* (Buntoc), *Hambabae Kung Manok Nga Munga* (Aklanon), *Kon Akon Madumduman* (Ilonggo), *O! Apo, O Apo!* (Maguindanao), at *Sakayan ni Rufino* (Cebuano). Nakalimita lamang ang pag-aaral sa sampung tugmaang pambata.

Nilikom ang mga tugmaang pambatang nakalap sa mga nakalimbag na aklat nina Damiana Eugenio ng De La Salle University Press, Manila sa taong 1997, Maria Luisa Lomicao ng New Daily Publishers, Quezon City sa taong 1984, at Felicidad Prudente ng Tahanan Public Incorporated, Makati City sa taong 1998. Kumuha rin ng ilang mga tugmaang pambata mula sa mga tesis nina Roqayah Dimasangka at Johaira Macapanton ng Mindanao State University – Iligan Institute of Technology (2010). Natutunan ng mananaliksik na walang tiyak na pamantayan ng istruktura ang mga tugmaang pambata sa Pilipinas. Ang pagtukoy sa mga tugmaang pambata ay nakasandig sa mga isinaad ng mga manunulat batay sa panlipunang gamit at *target audience* ng mga awitin. Upang mas mapadali ang pag-unawa sa ginawang pagsusuri, ginamit na batayan sa pagsasalinwika sa Filipino ang orihinal na salin sa Ingles mula sa nabanggit na aklat. Samantala, ganap na kinasangkapan ang orihinal na salin sa Filipino mula sa nabanggit na tesis.

RESULTA AT PAGTATALAKAY

Mga Tema

Matutunghayan sa talahanayan 1 ang mga natuklasang temang taglay ng mga sinuring tugmaang pambata. Ang tema ay mga kaisipan o mensaheng hinggil sa paksa ng isang akda [7]. Ang mga tema ng isang akda ay nahahati sa dalawang anyo – ang tematikong konsepto at tematikong pahayag. Ang tematikong konsepto ay sumasagot sa kung saan natutungkol ang isang akda, samantalang ang tematikong pahayag naman ay kabuuang mensahe o pahayag hinggil sa paksa ng akda. Pawang sinuri ang mga tugmaang pambata ayon sa dalawang anyo ng tema. Upang mapalutang ang tema, inisa-isa muna ng manunulat ang pagsuri sa ipinahihiwatig ng mga simbolo at iba pang salitang may nakakubling malalim na kahulugan.

Ipinapakita ng tema na labis na magkaiba ang representasyon sa bawat kasarian. Ang mga babae ay tinitingnan bilang obhektong seksuwal, itinuturing na mahina at mangmang, materyalistiko at inaasahang maging matitiisin na nagbubunga ng pagtanggap sa mga tinamong karahasan sa loob ng tahanan;

samantalang nakahihigit ang mga lalaki sa katangian at kakayahan dahil itinatanghal sila bilang sandigan at pangunahing patnugot sa loob ng tahanan at hulwaran ng kabanalan, tagapagbigay ng proteksiyon sa kababaihan, at itinuturing na matalino't may positibong pananaw sa pagharap sa mga pagsubok sa buhay.

Talahanayan 1. Mga Tema ng mga Piling Tugmaang Pambata

Mga Tugmaang Pambata	Konsepto	Pahayag
Ako ay Nagtanim (Tagalog)	inihahambing ang babae sa isang pagkain	Ang isang babae ay nawawangis sa isang pagkaing masarap, kapana-panabik at nakabubusog ng pantasiya.
Ana Tan Y Bugan (Gaddang)	karahasan	Ang isang babae ay madaling maabuso dahil sa kaniyang kamangmangan.
Ano Daw Idtong sa Gogon (Bikol)	kahinaan	Madaling mahalina ang mga babae sa mga materyal na bagay.
Bangun, Bangun Ka, I-na (Ibaloi)	pananagutan	Ang isang anak na lalaki ay inaasahang tumulong sa paghahanapbuhay upang matustusan ang pangangailangan ng buong mag-anak.
Dayo, Dayo Kapitan (Maranao)	katapangan at pananampalataya	Ang pagsubok sa buhay ay nalalampasan ng isang lalaking matapang at may matayog na pananampalataya sa buong Maykapal.
Dokdokadok (Buntoc)	gampaning pantahanan	Tungkulin ng isang amang disiplinahin ang anak.

Talahanayan 1 (cont). Mga Tema ng mga Piling Tugmaang Pambata

Mga Tugmaang Pambata	Konsepto	Pahayag
Hambabae Kung Manok Nga Munga (Aklanon)	karahasan	Ang pagkabigo ng isang babae na sumunod at ipaubaya ang sarili sa kabiyak ay isa sa pangunahinbg sanhi ng <i>domestic violence</i> .
Kon Akon Madumduman (Hiligaynon)	hamon sa pag-aasawa	Ang isang babae ay inaasahang maging mapagtiis sa loob ng tahanan.
O! Apo, O Apo! (Maguinda-nao)	kadakilaan	Tungkulin ng isang lalaki na iligtas ang mga babae mula sa kapahamakan dahil nakahihigit ito ng lakas.
Sakayan Ni Rufino (Sebuano)	pagsubok sa buhay	Ang tunay na “lalaki” ay hinaharap ang mga pagsubok sa buhay nang mahinahon, may matatag na puso, at matalinong pag-iisip.

Talahanayan 2. Mga Larawang-Diwa ng mga Piling Tugmaang Pambata

Mga Tugmaang Pambata	Mga Piling Taludtod	Kahulugan
Ako ay Nagtanim (Tagalog)	<ul style="list-style-type: none"> • <i>Ako ay nagtanim ng kapisasong luya</i> • <i>Sumibol ay saging, namunga ng mangga</i> • <i>Nang pipitasin ko, hinog na papaya</i> • <i>Lumagpak sa lupa, magandang dalaga</i> 	Ang mga babae ay pasibong obhekto ng pantasiya at pagnanasa ng kalalakhian o <i>sexual objectification</i> .
Ana Tan Y Bugan (Gaddang)	<ul style="list-style-type: none"> • <i>Se pelepasintam</i> 	Ang babae ay mangmang at salat sa kakayahang matuto.
Ano Daw Idtong sa Gogon (Bikol)	<ul style="list-style-type: none"> • <i>Bulawan bangang paghilngon</i> • <i>Kasu sakuyong dulukun, Lolay, Burak palan nin balagon</i> • <i>Kasu sakuyang kikua</i> 	Ang babae ay parang kalikasan – natural, hindi maampat ang pag-agos at hindi palaisip.
Bangun, Bangun Ka, I-na (Ibaloi)	<ul style="list-style-type: none"> • <i>Bangun, bangun ka I-na, Kapandutu ni ava</i> 	Ang mga babae ay pantahanan lamang at itinakda ang kaniyang kapalaran sa kaniyang matris bilang punlaan ng buhay.
Dayo, Dayo Kapitan (Maranao)	<ul style="list-style-type: none"> • <i>Dayo di kaon kelek, Kandudon si bapa aka</i> • <i>Kekampitlan sa kitab kekelong sa Kor-an</i> 	Ang lalaki ay malakas, matapang, at larawan ng isang taong may matibay na pananampalataya sa Diyos.
Dokdokadok (Bontoc)	<ul style="list-style-type: none"> • <i>Inmanmanok chaawri, falfak aq</i> • <i>Tinikpaw din anakko, kanak ta</i> 	Ang bana ay pinakamataas na awturidad sa loob ng tahanan.
Hambabae Kung Manok Nga Munga (Aklanon)	<ul style="list-style-type: none"> • <i>India ka mag pueo-panaog, ay rang itlog ga bilina-og</i> 	Ang babae ay biktima ng <i>domestic violence</i> dahil sa mababa nitong katayuan sa loob ng tahanan.
Kon Akon Madumduman (Hiligaynon)	<ul style="list-style-type: none"> • <i>Kon akon madumduman, Bugtot ko nga ugangan</i> • <i>Daw malupok ang akon nga dughan</i> • <i>Sang biras ko nga sungi</i> • <i>Asawa ko nga hubakon</i> 	Ang babae ay matiisin.
O! Apo, O Apo! (Maguin-danao)	<ul style="list-style-type: none"> • <i>Kinagat nito ang prinsesa</i> 	Ang babae ay mahina at nakasandig sa proteksyon at lakas ng isang lalaki.
Sakayan Ni Rufino (Sebuano)	<ul style="list-style-type: none"> • <i>Sakayan ni Rufino</i> • <i>Tubag ang tukmo, “Ako’y abugado</i> 	Ang mga lalaki ay tagapag-angkin ng mga <i>skilled related jobs</i> at mga superyor na trabaho o <i>white collar jobs</i> .

Talahanayan 3. Mga Kontekstong Kultural ng mga Piling Tugmaang Pambata

Mga Tugmaang Pambata	Antas Kultural	Kahulugang Kultural
O, Apo, O Apo (Maguindanao)	Simbolo	Ang bagay na kris ay simbolo ng kagitingan at katapangan ng isang lalaki.
Dayo, Dayo Kapitan (Maranao)		Ang kitab ay simbolo ng pagiging makatarungan ng isang lalaki.
Ako'y Nagtanim (Tagalog)	Wika	Ginamitan ng <i>gender metaphorical expressions</i> na nagpapakahulugan sa ohektong seksuwal na pagtingin sa mga babae.
Sakayan ni Rufino (Cebuano)		Ginamitan ng mga <i>male generic term</i> bilang kabuuang pantukoy sa dalawang kasarian.
Bangun, Bangon Ka I-na (Ibaloi)	Norm	Tungkulin ng isang inang maging tagapagsilbi ng buong mag-anak.
Dokdokadok (Bontoc)		Tungkulin ng isang amang maging tagapagtaguyod at puno ng buong pamilya
Kun Akon Madumduman (Hiligaynon)		Kaakibat ng pag-aasawa ang tradisyonal ang patrilokal.
Hambabae Kong Manok Nga Munga (Aklanon)		Ang isang asawa ay inaasahang maging submisibo sa bana.
Ano Daw Idtong sa Gogon (Bikol)		Ang isang ideyal na babae ay isinasakilos ang mga pamantayang moral at nagtataglay ng kalinisang-budhi.
Ana Tan Y Bagan (Gaddang)		Ang isang lalaki ay inaasahang taglayin ang masochismong katangian tulad ng pagiging malakas at agresibo.

Mga Larawang-Diwa

Ang larawang-diwa ay mga pahayag na nag-iiwan ng tiyak na imahe o larawan sa isipan ng mga mambabasa. Matutunghayan sa talahanayan 2 ang mga larawang-diwang pangkasariang mababanaag sa sampung piling tugmaang pambata. Pawang sinuri ang

mga larawang-diwang basal at tahas. Ang mga larawang-diwang basal ay tumutukoy sa mga imaheng pangkaisipang naglalahad ng malalim na konotasiyong pagpapakahulugan o konsepto. Samantala, ang mga larawang-diwang tahas naman ay mga imaheng pangkaisipang literal na naglalahad ng kahulugan. Ang pagsusuri sa larawang-diwa ay batay sa naging bunga ng pagtalakay sa tema ng mga awitin.

Maging sa mga larawang-diwa ay mababanaag na nakaaangat ang kalalakihan sa katayuang panlipunan, pantahanan, at pang-ekonomiko. Lumutang na ang mga lalaki ay simbolo ng katapangan at kabanalan, awturidad sa loob ng tahanan, at may mataas na katayuang pang-ekonomiko. Samantala, ang mga babae ay mardyinalisado at nasasadlak sa mababang katayuan. Natuklasang itinuturing sila bilang tagapagbigay ng kalugurang seksuwal, itinakda ang buhay sa loob ng tahanan bilang tagapag-alaga ng anak at tagapagsilbi ng bana, at nakasandal lamang ang seguridad sa kamay ng lalaki.

Kontekstong Kultural

Ang kontekstong kultural ay mga sitwasiyon o kaligirang panlipunang nagpapakita ng sistema ng pantaong kagawian at kaisipan na nagpapakilala sa identidad ng isang pangkat o lipunan. Matutunghayan sa talahanayan 3 ang mga natuklasang kontekstong kultural sa lipunang Pilipino sa loob ng mga tugmaang pambatang nakaaapekto sa paggitaw ng diskriminasiyong pangkasarian.

Sinuri ang mga awitin batay sa mga elemento ng kultura ni Barkan na kasisinagan ng diskriminasiyong pangkasarian. Ang mga elementong ito ay wika, mga simbolo, mga paniniwala, *values, norms*, at mga artipak na komponent ng isang kultura [3].

Lumitaw sa mga kontekstong kultural na pawang nangingibabaw sa lahat ng mga antas kultural ang pagiging machismo ng kalalakihan tulad ng pagkakaroon ng mataas na katayuang panlipunan, superyoridad sa pisikal na lakas, talino, at ekonomikong kalagayan, samantalang lugmok naman ang kababaihan sa mababang pagtingin dahil itinuturing sila bilang obhekto ng pantasiya, submisibo sa kabiyak, tagapangalaga ng buong mag-anak, at larawan ng kalinisang budhi.

Batay sa mga natuklasan, malinaw na nagtataglay ng hindi pantay na representasyon ng dalawang kasarian sa loob ng tugmaang pambata. Lumutang na superyor ang kalalakihan at imperyor ang kababaihan batay sa panlipunang katayuan, pisikal na kakayahan, talino, kalagayang ekonomiko at sa panlipunang norm.

Ang Babae bilang obhektong seksuwal. Itinatampok sa awitin ang paghahambing sa katawan ng isang babae sa isang masarap na prutas. Kinakasangkapan ang mga ito bilang simbolong naglalarawan sa ideyal na katangian ng isang babaeng pinapantasiya ng kalalalahanian – katakam-takam sa paningin o *eye candy* na nagbubunga ng seksuwal na pananabik. Kawangis ng isang luyang nagbibigay-lasa sa isang pagkain, inihahambing ang isang babae bilang pampalasa sa seksuwal na lunggati ng isang lalaki o isang obhektong nagpapaigting sa pagnanasang seksuwal. Ang tamis at sarap na hatid ng mga bungang ito ay isang patayutay na paghahambing sa alindog ng katawan ng isang babaeng nakapaghahatid ng seksuwal na pantasiya sa ruok ng kahayukan sa laman. Sa kasalukuyang panahon, maituturing na *eye candy* ang isang babaeng maganda, maputi, balingkinitan ang katawan, at may malaking dibdib.

Ang nabanggit na pagturing sa isang babae ay nagbubunga ng *sexual objectification* o pagturing sa sarili bilang isang obhektong tinatanaw ng lipunan, at tinatasa ang sarili batay sa pisikal na kaanyuan at hindi sa sariling kakayahan [6]. Nagbubunga ito ng pagiging biktima ng opresyong seksuwal, pagkahiya sa sariling katawan, at ang emosyon sa pagsukat sa sariling halaga at pagkatao batay sa itinakdang pamantayan ng lipunan sa pisikal na kagandahan [11]. Kaugnay nito, nagbubunga ito ng *priming* sa mga batang babae o pagkokondisyong mental, na ang susi sa pagtamo ng tunay na pag-ibig ay ang pagkakaroon ng magandang pangangatawan, artistahing mukha, at kaaya-ayang kabuuang anyo ayon sa pamantayan ng lipunan [9].

Si Adan bilang hulwaran ng katalinuhan at si Eba bilang larawan ng kamangmangan. Itinanghal ang mga babae sa loob ng awitin bilang mangmang at salat sa kakayahang matuto na ugat ng panghahamak at pagtamasa ng mababang katayuan sa lipunan. Kaugnay nito, tinitingnan ang babae bilang taong salat sa kakayahang magpasiya nang hindi pinagtitimbang-timbang. Itinuturing na mababaw ang kanilang pagkatao dahil sa mababaw nilang pang-unawa sa daigdig.

Samantala, tinitingala naman sa pedestal ang kalalalahanian dahil sa matayog na antas ng kakayahang matuto at sa mayamang karunungan taglay. Ipinapakita ng awiting ang lalaki ay gumagawa ng pagpapasyang etikal o moral. Ito ang pagpapasyang may preperensya sa kabutihan. Ilan sa mga hakbang na ito ay pag-alam sa detalye ng sitwasyon, maingat na pagsasaalang-alang sa ibubunga ng pasiya at pagiging sensitibo sa aspetong moral ng isang sitwasyon at sa kamalayan ng taong maaapektuhan ng pasiya. Sa

kabilang banda, nagbibigay ng kamalayan ang tugmaang pambatang ito sa hilaw na kamuwangan ng isang bata na ang isang lalaki ay higit na mahusay sa pagbibigay ng pagpapasiya dahil binibigyang-lunas ang suliranin nang mapayapa at may wastong pagtitimbang-timbang.

Si Malakas at si Mahina: ang lalaki bilang isang bayani. Masisinag sa awiting ang isang lalaki ay inaasahang maging matapang, magiting at maka-Diyos. Ang ginamit na representasyon ng isang lalaki ay nagpapakitang nakahihigit ang lalaki sa katapangan at nararapat ibantayog ng kababaihan bilang hulwaran ng kabanalan. Samantala, itinuturing ang babae bilang mahina at nabubuhay lamang mula sa proteksiyon ng mga lalaki. Masisinag ang isteryutipong pananaw na ang isang babae ay marupok, salat sa kakayahang ipagtanggol ang sarili at madaling madaig ng mga pagsubok sa buhay.

Masisinag sa persona ang *benevolent sexism*. Ito ay isang anyo ng *ambivalent sexism* na nagsisilbing pangkasariang ebalwasiyon na positibo sa subhektibong pagtingin ngunit nagsasaad ng diskriminasyong pangkasarian. Iginigiit nitong tungkulin ng isang lalaking protektahan ang isang babae at ibigay ang mga pangangailangang pinansiyal nito [4]. Ito ay isang anyo ng diskriminasyong pangkasariang hindi namamalayan ng mga babae. Ilan sa mga manipestasyon nito ay pagbubukas ng pintuan ng kotse para sa mga babae, pagtayo ng isang lalaki sa kinaupuan sa loob ng isang pampasaherong sasakyan upang paupuin ang isang babaeng walang kapansanan, pagtulong sa isang babaeng buhatin ang dalang supot o karton, pagtulong sa isang babae sa pagpapasiya, pagiging maingat ng isang lalaki sa babae, at iba. Bagaman positibo ito sa kababaihan, subalit ito ay isang anyo ng *gender colonialism*. Ang ganitong pagturing ng kalalalahanian sa kababaihan ay bunga ng paniniwalang ang mga babae ay mahihina. Nagbubunga ito ng asumpsiyong ang lalaki ay nagtataglay ng higit na kakayahan kaysa kababaihan. Ang seksismong ito ay nag-aangat ng satisfaksiyon ng kababaihan sa sistemang patriarkal. Dahil dito, bulag na niyakap ng kababaihan ang sistema dahil sa benipisyong natatamasa nila. Isang anyo ng diskriminasyong pangkasariang pikit-matang kinalulugdan at ipinako sa sistema ng lipunan.

Ang lalaki bilang patnugot at ang babae bilang alipin ng tahanan. Kasisinagan ang mga awitin ng superyoridad ng kalalalahanian sa loob ng tahanan. Tumatayo ang lalaki bilang pangunahing tagapagdisiplina sa anak at tagapagbigay ng kapasiyahan habang ang mga babae ay tagasunod

lamang at tagapag-alaga ng buong mag-anak. Lumutang sa awitin ang dimensiyong istruktura ng buong mag-anak na tinatawag na *patriarchal control* kung saan tanging ang bana lamang o ang pinakamatandang lalaki sa loob ng tahanan ang may pinakamataas na awturidad [10].

Nangingibabaw rin ang itinakdang norm na nararapat taglayin ng isang asawang babae – ang maging submisibo at sunud-sunuran sa kaniyang bana. Ipinapakita nitong tungkulin ng isang maybahay na maging manikang de susing kikilos lamang batay sa pagpapasiya ng bana. Wala siyang karapatang higitan ang kapangyarihan ng bana sa loob ng tahanan. Itinuturing na isang malaking taboo ang pagdomina ng mga babae sa pamamahala at pagtaguyod ng buong mag-anak. Maging sa Family code ay malinaw na nakasaad na ang huling pagpapasiya ay mula pa rin sa bana bilang tagapaghabi ng solusiyon sa mga suliranin sa loob ng tahanan [1]. Kaugnay nito, tungkulin ng bana, bilang haligi ng tahanan, na suportahan at pasanin ang bigat ng responsibilidad sa loob ng tahanan habang inaasahan lamang ang maybahay bilang tagapagbigay ng moral na gabay at tagapag-alaga sa mga anak. Makikita sa awiting nakapako lamang ang tungkulin ng isang babae sa mga pandomestikong gawain.

Kaugnay nito, Lumutang sa awiting isang pangangailangan para sa isang babae ang maging matiisin sa loob ng tahanan at sa kamay ng bana upang magkaroon ng ganap ang ekonomikal na seguridad. Masisinag ang representasyon sa pangkaraniwang Pilipina na pumapasok sa mundo ng pag-aasawa upang makatakas sa *economic pressure*. Masisinag din sa awitin ang masamang ibinubunga ng pagiging mapagtiis ng babae sa loob ng tahanan. Ito ay ang maging biktima ng domestikong karahasan. Ayon sa UNICEF, malaki ang epekto ng impluwensiyang kultural at ekonomikal sa pagkakaroon ng *domestic violence*. Ang ilan sa mga sanhi ay kultural na pagpapakahulugan sa mga itinakdang tungkuling pangkasarian, paniniwala sa naimamanang superyoridad ng kalalakihan, mga *values* sa pagkakaroon ng karapatan ng lalaki sa mga babae, sa paniniwalang ang isang mag-anak ay kontrolado ng lalaki, at ang ekonomikong pagsandal ng asawa sa bana [13].

Ang lalaki ay superyor sa katayuang ekonomiko. Ipinapakita sa awitin ang hindi pantay na ekonomikal na nakalagayan ng lalaki at babae. Itinatampok ang kalalakihan bilang tagapag-angkin ng mga *skilled related jobs* at mga superyor na trabaho o *white collar jobs*. Ang awiting ito ay nagpapakita ng malaking implikasyon sa lipunang Pilipino. Ito ay patuloy na

paghahari ng kalalakihan sa mga *independent primary labor market*. Ito ay mga hanapbuhay na binubuo ng mga propesyonal, *managerial*, at mga trabahong teknikal na nangangailangan ng mga angkop na kredensiyal bilang bahagi ng kwalipikasyon, madalas ay mga *post-secondary education*. Ang mga trabahong ito ay tumatanggap ng matataas na sahod kalakip ng mga malalaking benipisyong mula sa employer at nagbibigay ng seguridad sa mga empleyado [8]. Nangangahulugang malaki pa rin ang partisipasyon ng kababaihan sa mga tradisyonal na *female-dominated courses* na may higit na mababang sahod kung ihahambing sa mga *traditionally male-dominated courses* tulad ng *fields, law, arkitektura, engineering technology, maritime, information technology* at matematika. Sang-ayon ito sa tinukoy ni Edwards na karamihan sa mga babae ay lumalahok sa mga *secondary labor market* na tinatawag na mga *dead-end jobs* na walang seguridad, may mababang sahod, mababang benipisiyo, at salat sa oportunidad na mahubog ang sariling kakayanan. Ang mga trabahong ito ay nangangailangan lamang ng pangkaraniwang literasiya at sapat na ang mababang edukasyon. Itinuturing ito bilang mga *low-skilled job* tulad ng *manufacturing firms; service occupations* tulad ng *janitor*, katulong at *waitperson*; mabababang posisyon sa mga *wholesale* at *retail trade*; at mabababang trabahong klirikal [8].

Gayon din, ipinapakita ng awitin na ang isa sa pangunahing dahilan ng pagakakaron ng mamabang katayuang ekonomiko ng mga babae ay ang tradisyunal na tungkulin ng isang babae bilang tagapag-alaga ng anak at tagapamahala ng tahanan. Bunga nito, napagkakaitan ang kababaihang linangin ang mga potensiyal na kakayahan at paunlarin ang ekonomikal na kalagayan dahil sa kabiguang makalahok sa mga *productive employment opportunities*.

Machismo at Marianismo. Mababanaag sa awiting ang isang lalaki ay inaasahang isaplot ang mga machismong katangian tulad ng pagiging agresibo at malakas habang ang mga babae ay inaasahang taglayin ang katangiang marianismo.

Ilan sa mga persona ng awitin ay nagpapakita ng kapangyarihan sa pamamagitan ng karahasan bilang pamantayan ng pagiging isang lalaki. Sa ganitong paraan ay nagagawa nilang kontrolin ang kababaihan at naipapanatili ang kanilang maskulinidad. Ang intimidasyon, marahas na pakikitungo sa kababaihan, at pagiging dominante ay nagsisilbing sukatan ng pagkalalaki sa isang lipunang pinagharian ng masochismong pananaw.

Ang usapin ng masochismo ay higit na umigting sa kasalukuyan. Madalas na paksain sa mga palabas sa telebisyon ang mga lalaking nangangaliwa, nananakit ng asawa at mga anak, at hayok sa mga druga at inumin. Madalas ay nagiging katanggap-tanggap na sa lipunan ang pagkakaroon ng bisyo ng kalalakhian at pakikipagbasag-ulo dahil itinuturing itong bahagi na ng katangian ng isang lalaki. Patunay nito ang ekspresiyong *para kang hindi lalaki* na ginagamit sa pagtukoy sa isang lalaking nagpapakita ng katangiang nawawangis sa isteryutipong katangaian ng isang babae na itinuturing na isang kahinaan. Ilan dito ay ang pag-iyak, pagkatakot, pagiging mahinhin, at sunud-sunuran sa kabiyak.

Kaakibat ng paghahari ng masochismo ay pamamayani ng marianismo sa kababaihan. Ang marianismo ay ang *gender role* ng isang babae sa lipunang masochismo. Matutunghayan sa awiting isinasakilos ng ilang persona ang mga *feminine virtues* tulad ng pagiging dalisay at pagkakaroon ng kalakasang moral. Inaasahan ang mga babaeng maging pasibo, mayumi, maka-Diyos, mapagtimpi at mapagtiis. Ang representasyon ng isang babae sa loob ng awitin ay nagpapahiwatig na hanggang ngayon ay mahigpit na isinasaplot pa rin sa kanila ang tradisyonal na katangian ng isang babae – ang *woman of virtue*. Inaasahang ang mga babae ay larawan ng isang mamamayang may takot sa Diyos, masipag, mahinahon, mahinhin, mapagkumbaba, mabait, at mapagpasakit [14]. Ang isang babaeng bigong isakilos ang lahat ng mga ideyal na katangian na ito ay itinuturing na masama at hindi katanggap-tanggap sa lipunan. Nangangahulugang ang mga *traditional ethics* na itinakda ng lipunan ay male-biased. Sa punto de bista ng *feminist ethics*, ang isteryutipong *virtue* na nararapat taglayin ng isang babae ay isang politikal na panghahamak sa kababaihan. Ito ay isang konstruksiyong panlipunan upang itakda ang kapalaran ng kababaihan sa subordinasyon at opresiyon. Higit na kinikilingan ng lalaki ang *morality of justice* habang ang babae ay sa *morality of care* tulad ng ilang personang babae sa awitin. Ipinapakitang higit na pinaiiral ng babae ang puso sa pagpapasiya dahil sa pagkokondisyon ng lipunang isakilos ang mga *virtue* na nararapat taglayain ng isang babae sa araw-araw. Ito ang ugat ng isteryutipong pagtingin sa mga babae bilang mahinhin, maalaga, maramdamin, at salat sa kakayahang magpasiya nang may katuwiran.

KONGKLUSYON AT REKOMENDASYON

Napatunayang ang mga tugmaang pambata ay napapalooban ng diskriminasyong pangkasariang

sinasalamang ng tema, larawang-diwa at kontekstong kultural. Malinaw na maging ang panitikang pambata ay hindi nakalaya mula sa tanikala ng kawalan ng pagkakapantay-pantay sa kasarian. Kaya nga isa sa mga tunguhin ng UN Millennium Development ay nakatuon sa pantay-pantay na pagtingin sa kakayahan at kasanayan ng babae at lalaki (Fernandez *et al.* 2015).

Batay sa mga natuklasan at konklusiyong nabanggit, iminumungkahi ng mananaliksik ang sumusunod: gamitin bilang instrumento ang mga natuklasang tema sa pagsusuri ng iba pang mga akdang pampanitikan; kasangkapanin ang mga natuklasang larawang-diwa bilang lunsaran sa pagtuturo ng tula gamit ang pagdulog pormalismo; at pagyamanin pa ang mga natuklasang kulturang Pilipinong nagsasaad ng diskriminasyong pangkasarian bilang gabay sa pagsusuri ng iba pang mga awiting bayang nauugnay sa pag-aaral na ito. Dahil ang pananaliksik ay nakatuon lamang sa diskriminasyong pangkasarian sa mga tugmaang pambata, iminumungkahing saklawin din ng sumusunod na pananaliksik ang pagsusuri sa iba pang mga anyo ng panitikang pambata gamit ang teoriyang memitiko at feminismo. Ilan sa mga ito ay kwentong pambata, tula, komiks at iba pa.

Sa kabuuan, malaki ang maiaambag ng pag-aaral sa mga guro sa Filipino, higit lalo sa mga nagtuturo sa *preschool* at elementarya. Ang kabatiran sa mga awiting pambatang may kaakibat na mensahe ng kawalan ng pagkakapantay-pantay sa kasarian ay mahalaga bilang gabay sa pagtuturo ng mga awiting angkop sa edad at kognitibong pangangailangan ng isang bata. Upang maiwasan ang ganitong usapin sa paaralan nararapat lamang na magkaroon ng kaukulang kaalaman ang mga tagapamanihala hanggang sa komunidad sa tulong paglahok nito sa kurikulum. Ito ay ayon sa nosyon ni Aikman *et al.* (2005) na gawing bahagi ng sistemang pang-edukasyon ang pagtalakay sa pangkasariang diskriminasyon nang sa gayon ay ganap na matamo ang pantay-pantay na pagtingin ng babae at lalaki bilang bahagi ng lipunan. Sa ganitong paraan ay napapalaya ang isipan ng isang bata mula sa pagkokondisyon sa mga usapin ng *gender stereotyping* at diskriminasyon. Kaugnay nito, magsisilbing gabay ng mga magulang ang pag-aaral na ito sa pagpili ng mga awiting pambatang bibigyang-tinig sa loob ng tahanan. Maaari ring gamitin ng mga guro ng panitikan ang pag-aaral na ito bilang lunsaran sa pagpapamulat sa mga mag-aaral hinggil sa usapin ng kawalan ng pagkakapantay-pantay sa kasarian na hanggang ngayon ay tila isang kanser na patuloy na lumalala sa lipunang Pilipino. Sa tulong nito ay higit na napapalawak ang perspektibo at kamalayang panlipunan ng mga mag-

aaral na makapagpapaigting sa layuning malunasan ang diskriminasyong pangkasarian.

Sinasalamin ng pag-aaral na ang Pilipinas ay napasailalim pa rin sa kaisipang *patrilineal-patrilocal complex*. Ang *patrilineal-patrilocal complex* ay ugat ng pag-angat ng *gender stratification* na nauwi sa diskriminasyong pangkasarian at pananakit sa kababaihan.

ACKNOWLEDGEMENT

Ang pananaliksik na ito ay naisakatuparan bilang tesis sa Graduate Studies ng Cebu Normal University sa programang Master of Arts in Panitikang Filipino.

REFERENCES

- [1] Agapay, Ramon B. 2008. Ethics and the Filipino: A Manual on Morals for Students and Educators, National Book Store: Mandaluyong City, pp. 211
- [2] Alchin, Linda. 2010. The Secret History of Nursery Rhymes, Babyseen Ltd. USA, pp. 6
- [3] Barkan, Steven. 2011. Sociology: Understanding and Changing the Social World, Brief Edition, v. 1.1., Flat World Knowledge: Washington, D.C., pp. 58
- [4] Becker, Julia at Swim, Janet. 2011. Seing the Unseen: Attention to Daily Encounters With Sexism as Way to Reduce Sexism Beliefs. Psychology of Women Quarterly. Goo.gl/cqcr68, March 10, 2011
- [5] Evasco, E. V. 2011. Pag-akda at Pagkabata: Ang Namamayaning Tunguhin at Estetika sa Panitikang Pambata ng Pilipinas, UP Press: Diliman, Quezon City, pp. 107
- [6] Fredrickson, B. & Roberts, T. A. Objectification Theory: Toward Understanding Women's Lived Experiences and Mental Health Risks, Goo.gl/DK452B, September 2016
- [7] Mallillin, G. F. *et al.* 2002. Kawil 1: Aklat sa Paglinang ng Kasaysayan sa Wika at Iteratura (KAWIL), Rex Book Store: Manila, pp 8
- [8] Negrey, Cynthia. 1993. Gender, Time, and Reduced Work, State University of New York Press: United States of America, pp. 17-18
- [9] Rudnytsky, P. L. & Gordon, A. M. 2000. Psychoanalyses/Feminism, State University of New York Press: Albany, pp. 138
- [10] Shepard, J. M. 1999. Sociology, Woodsworth Publishing Company: U.S.A., pp. 296
- [11] Szymanski, D. M. *et al.* Sexual Objectification of Women: Advances to Theory and Research, Goo.gl/RYZFwk, August 12, 2016
- [12] Canlas, Data Tolentino. The Way They See It: Gender Readings of Filipino Children's Program on Mainstream Television, goo.gl/tWTGa7, August 2016
- [13] UNICEF. Innocenti Digest: Domestic Violence Against Woman and Girls. www.unicefirc.org/publications/213/July 31, 2016.
- [14] Wright, M. T. 2004. Rulebook Women. De La Salle University Press, Inc: Manila, Philippines, pp. 58